



PATNUBAY SA MULING PAGBUBUKAS MULA SA COVID-19 PARA SA MGA NEGOSYONG NAGBIBIGAY NG MGA SERBISYO SA BUHOK AT NG BARBERO

IN-UPDATE NOONG OKTUBRE 7, 2020

Paunawa: Noong Biyernes, Agosto 28, 2020, inanunsyo ng Estado ang isang pagbabago sa Listahan ng Pagsubaybay nito na ginawang Blueprint para sa Ligtas na Muling Pagbubukas na may kulay at apat na tier. Sa paggawa nito, binago ng Estado ang mga plano para sa muling pagbubukas para sa ilang negosyo at aktibidad, binuksan ang ilan na pinaghigpitan at nagpatupad ng mga bagong pamantayan sa iba. Inulit din ng Estado na may kakayahan ang mga lokal na Opisyal sa Klausugan na magpatupad ng mas maraming mga paghihigpit kaysa sa Estado.

Sa lawak na magagawa, hinihikayat ang mga Hair Salon at Barbershop na gawin sa labas ang mga serbisyo.

LAYUNIN NG DOKUMENTONG ITO

Nagbibigay ng patnubay ang dokumentong ito para sa mga serbisyo sa buhok at ng barbero. Layunin ng patnubay na ito na suportahan ang isang ligtas at malinis na kapaligiran para sa mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero at mga kliyente. Makipag-ugnayan sa COVIDRecovery@acgov.org kung mayroon kayong mga tanong o kung kailangan ninyo ng teknikal na tulong. Para sa mga mapagkukunan ng impormasyon ng negosyo, bisitahin ang <https://covid-19.acgov.org/recovery.page>.

PAUNAWA: Ang [Plano ng Muling Pagbubukas ng Alameda County](#) ay alinsunod sa [Blueprint para sa Mas Ligtas na Ekonomiya ng Estado](#), ngunit may mga lugar kung saan mas maghihigpit ang Alameda County kaysa sa Estado. Mas maraming mangingibabaw na mahigpit na patnubay.

MGA KINAKAILANGAN NG NEGOSYO

1. Maghanda at magpatupad ng [Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site para sa COVID-19](#) batay sa patnubay ng industriya ng lokal at Estado.
2. Sanayin ang mga empleyado sa pag-iwas sa COVID-19, pagsusuri ng sintomas, mga panakip sa mukha at ang kahalagahan ng pisikal na pagdistansiya at madalas na paghugas ng mga kamay.
3. Magpatupad ng pagsusuri ng sintomas para sa lahat ng empleyado at huwag payagang pumasok sa trabaho ang mga empleyadong magpapakita ng mga sintomas. Makikita ang mga tool sa pagsusuri sa Tools and Resources for Businesses (Mga Tool at Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Mga Negosyo) sa: <https://covid-19.acgov.org/recovery.page?>
4. Bumuo at magpatupad ng mga protokol para sa paglilinis at pagdidisimpekta sa Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site.

5. Gumawa ng mga alituntunin para sa pisikal na pagdistansiya at idokumento ito sa Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site.
6. Tiyaing sumusunod sa [Utos ng Alameda County tungkol sa Panakip sa Mukha](#) ang lahat ng tao sa lugar ng iyong negosyo (mga kliyente, empleyado, supplier, atbp.). Parehong hihilingin sa nagbibigay ng serbisyo sa buhok at sa barbero at mga kliyente na magsuot ng panakip sa mukha — kasama ang sa buong oras ng serbisyo—maliban na lang kung partikular silang hindi kasama sa mga kinakailangan para sa panakip sa mukha na nasa Utos ng Opisyal sa Kalusugan Bilang 20-13, na in-update noong Hunyo 5, 2020 o sumunod sa mga partikular na kinakailangang nakasaad sa ibaba.
7. Sumunod sa patnubay na ibinigay ng [Blueprint ng California para sa Mas Ligtas na Ekonomiya](#), sa lahat ng [Utos ng Lokal na Opisyal sa Kalusugan](#), at lahat ng naaangkop na probisyon ng pederal, California at lokal para sa may bayad na sick leave para sa mga indibiduwal na hindi ligtas na makakapagtrabaho sa mga dahilan na may kaugnayan sa pandemyang COVID-19.
8. Ang “Mga Nagbibigay ng Serbisyo sa Buhok at Barbero” ay nangangahulugan sa Mga Hair Salon at Barber Shop na nakikibahagi sa paggugupit, pag-iistilo, pag-singe, pagsa-shampoo, pag-aayos, pagbibihis, pagkukulot, pag-wave, kemikal na pag-wave, pag-relax ng buhok o pagkulay ng buhok o paglalagay ng mga tonic sa buhok.

MGA KINAKAILANGAN PARA SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN

Dagdag pa sa paghahanda, pagpapaskil at pagpapatupad ng [Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site para sa COVID-19](#) na hinihiling ng Utos, ang bawat may-ari, operator, manager o supervisor ng isang serbisyo sa buhok at barbero ay dapat tugunan ang bawat item sa ibaba na nasa Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site para sa COVID-19.

1. Seksyon 1 – Mga Kinakailangan para sa Mga Serbisyo sa Buhok at ng Barbero:

- 1.1. Ang mga aktibidad na kinabibilangan ng pag-alis ng mga panakip sa mukha ng mga kliyente ay mas mataas ang panganib para sa transmisyon ng COVID-19 at ang mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero ay pinagbabawalang magbigay ng mga serbisyo na nangangailangan ng pag-alis ng panakip sa mukha ng mga kliyente. Depende sa tindi ng pagkalad ng COVID-19 sa komunidad, ang nasabing mga serbisyo na nangangailangan ng pag-alis ng panakip sa mukha ng mga kliyente ay maaaring payagan sa hinaharap.
 - 1.1.1. Ang pag-alis ng buhok sa mukha na nangangailangan ng pag-alis ng panakip sa mukha at mga facial ay ipinagbabawal sa ngayon.
- 1.2. Hilingin sa mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at mga nagbibigay ng serbisyo sa kuko na magsuot ng Mga Panakip sa Mukha gaya ng nakasaad sa [Utos sa Kalusugan Bilang 20-13 na in-update noong Hunyo 5, 2020](#), at anumang pagbabago sa hinaharap sa utos na iyon (ang “Utos tungkol sa Panakip sa Mukha”). Ang mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at mga nagbibigay ng serbisyo sa kuko ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha at mga face shield sa lahat ng oras kapag nagbibigay ng serbisyo sa kliyente.

- 1.2.1. Gaya ng hinihiling ng Estado ng California, dapat magbigay ang mga employer ng mga panakip sa mukha sa mga manggagawa o bayaran ang mga manggagawa para sa makatwirang halaga sa pagkuha nito.
 - 1.2.2. Gaya ng hinihiling ng Estado ng California, ang mga employer ay dapat magbigay at tiyaking gumagamit ang mga manggagawa ng lahat ng kinakailangang kagamitan para sa proteksyon, kasama ang mga guwantes at mga face shield.
- 1.3. Hikayatin ang mga kliyenteng magdala at gumamit ng mga sarili nilang panakip sa mukha. Ang mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at mga nagbibigay ng serbisyo sa kuko ay dapat bigyan ng mga panakip sa mukha ang mga kliyente kung wala sila nito o tumangging magbigay ng serbisyo sa mga darating na walang panakip sa mukha o na tatangging magsuot nito at na hindi kasama sa pinayagang hindi magsuot nito sa ilalim ng [Utos tungkol sa Panakip sa Mukha Bilang 20-13 na in-update noong Hunyo 5, 2020](#), at anumang pagbabagong gagawin sa hinaharap sa utos na iyon. Hinihiling ng Utos tungkol sa Panakip sa Mukha na mula sa Opisyal ng Kalusugan na magkaroon ng nakasulat na eksempsyon mula sa medikal na propesyonal, batay sa medikal na kondisyon, alalahanin sa kalusugan o kapansanan.
 - 1.3.1. Ang mga kliyenteng hindi kasama sa Utos tungkol sa Panakip sa Mukha ay dapat pagbawalang magsalita, dahil ang pagsasalita ay naglalagay sa mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at mga nagbibigay sa serbisyo sa kuko sa mas mataas na panganib na ma-expose sa virus ng COVID-19 kung mayroon nito ang kliyente.
 - 1.3.2. Magpanatili ng magagamit na mga disposable na tissue sa mukha para gamitin ng kliyente kung kailangan nilang bumahin o umubo habang walang suot na panakip sa mukha. Dapat itapon ng kliyente ang tissue, para hindi kailangang hawakan ng nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at nagbibigay ng serbisyo sa kuko ang maruming tissue.
- 1.4. Ang mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at nagbibigay ng serbisyo sa kuko ay dapat na makita ang mga kliyente sa pamamagitan ng appointment lang at hindi dapat magbigay ng mga serbisyo sa mga walk-in na kliyente sa ngayon. Dapat paghiwa-hiwalayin ng mga nagbibigay ng serbisyo ang mga appointment upang mabawasan ang pagsisiksikan sa reception at matiyak na may sapat na oras para sa tamang paglilinis at sanitasyon sa pagitan ng pagbisita ng bawat kliyente.
 - 1.4.1. Ipagbawal sa mga kliyente na magsama karagdagang tao sa kanilang appointment na may mga sumusunod na eksempsyon: (1) Kung ang kliyenteng tatanggap ng serbisyo ay menor de edad, maaari silang magsama ng nasa hustong gulang na tagapag-alaga; (2) kung ang kliyenteng tatanggap ng treatment ay may kapansanan, maaari silang

magsama ng nasa hustong gulang na tagapag-alaga; at (3) ang mga nasa hustong gulang na kliyente ay maaaring isama ang kanilang mga menor de edad na anak kung wala silang iba ng opsyon sa pag-aalaga ng bata. Ang sinumang papasok sa establisimento ay dapat masuri para sa mga sintomas ng COVID-19 at dapat isama kapag tinutukoy kung naabot na ng pasilidad ang limitasyon ng kapasidad nito.

1.4.2. Ipagbawal sa mga kliyente na magtipon-tipon sa reception area o sa ibang lugar sa pasilidad. Hilingin sa mga kliyenteng maghintay sa labas nang may suot na panakip sa mukha sa o sa loob ng kanilang mga sasakyan bago ang kanilang mga appointment. Sa mas malalaking lugar, ang mga reception area ay dapat lang magkaroon ng isang kliyente sa isang pagkakataon o baguhin ang lugar para sa sapat na pinakamababang anim na talampakang pisikal na distansiya, kasama ang pag-aalis o paghaharang ng mga upuan at sofa.

1.5. Dapat tawagan ng mga nagbibigay ng serbisyo ang mga kliyente nang maaga sa appointment para:

1.5.1. Kumpirmahin na ang kliyente ay walang naranasang mga sintomas ng, o kung nasuring positibo para sa COVID-19 sa nakalipas na 14 na araw, at hindi ito nagkaroon ng kontak sa isang taong may mga sintomas ng, o nasuring positibo para sa COVID-19 sa nakalipas na 14 na araw;

1.5.2. Sabihin sa kliyenteng pumunta nang mag-isa (maliban kung kailangang samahan ng magulang o tagapag-alaga ang isang menor de edad, o kung kailangang samahan ng isang tagabantay ang isang kliyenteng may kapansanan); at

1.5.3. Sabihin sa kanilang huwag dumating sa pasilidad nang mahigit sa 5 minutong maaga bago ang appointment.

1.6. Ang mga kliyenteng masama ang pakiramdam o nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 sa loob ng 24 na oras ng kanilang naka-schedule na appointment ay dapat kanselahin o ipa-schedule sa ibang araw ang kanilang appointment. Ang mga kliyenteng may COVID-19 ay hindi maaaring pumunta sa mga appointment hangga't hindi na sila nakakahawa, karaniwan ay 10 araw pagkatapos magsimula ang sintomas o, kung walang mga sintomas, 10 araw pagkatapos ng kanilang unang positibong pagsusuri. Hindi inirerekomenda ang pag-ulit ng mga pagsusuri para ipakitang magaling na mula sa sakit.

1.7. Gumawa ng pagsusuri ng lahat ng kliyente sa pagdating ng mga ito. Ang mga kliyenteng hindi papasa sa pagsusuri ay dapat hindi bigyan ng serbisyo at dapat i-schedule sa ibang araw o kanselahin ang kanilang appointment. Bumisita [dito](#) para

sa Patnubay ng Pagsusuri para sa Mga Employer.

- 1.8. Hilingin sa mga kliyente na hugasan ang kanilang mga kamay nang hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng hand sanitizer bago ang anumang treatment o serbisyo.
2. Seksyon 2 – Mga Karagdagang Kinakailangan para sa Mga Serbisyo sa Buhok, Barbero at Mga Serbisyo sa Kuko:
 - 2.1. Kung ang lahat o bahagi ng establisimyento ng serbisyo sa buhok, barbero at kuko ay bakante o hindi nagagamit sa panahon ng Shelter in Place na Utos, pagkatapos ay dapat tiyakin ng nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero na gumagana ang mga tubo at dapat i-flush ang mga tubo para sa supply ng tubig bago gamitin. Ang sumusunod na link ay nagbibigay ng patnubay para sa pag-flush at paghahanda ng mga sistema ng tubig sa: <https://www.ebmud.com/water/about-your-water/water-quality/returning-service-after-prolonged-outage/>.
 - 2.2. Kung saan maaari, ipagbawal sa mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at mga nagbibigay ng serbisyo sa kuko na ibahagi ang gamit, tulad ng mga telepono, mesa o computer. Ang anumang furniture, tool o gamit na dapat gamitin ng mahigit sa isang indibiduwal ay dapat i-sanitize sa pagitan ng mga paggamit sa paraan na sumusunod sa mga kinakailangan na makikita sa Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site para sa COVID-19. Kung ang mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero ay dapat magbahagi ng lugar ng trabaho, tulad ng mga nagsasalit-salitang shift, dapat i-sanitize ang lugar sa paraan na sumusunod sa mga kinakailangan na makikita sa Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site para sa COVID-19 pagkatapos ng bawa't paggamit.
 - 2.3. Bumuo ng plano at magpatupad ng araw-araw na pagbeberipika ng sintomas ng COVID-19 sa sarili para sa lahat ng nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at mga nagbibigay ng serbisyo sa kuko gaya ng hinihiling ng Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site para sa COVID-19.
 - 2.4. Alisin ang ipagbawal ang paggamit ng mga sample na produkto.
 - 2.5. Huwag magbigay ng pagkain at inumin sa mga kliyente.
 - 2.6. Alisin ang mga portable na gamit sa mga ibabaw na hindi malilinis nang maayos tulad ng mga throw pillow, blanket o magazine. Alisin o takpan ang anumang iba pang mahirap linisin na mga gamit na mahahawakan ng kliyente.
 - 2.7. Maglagay ng upuang may matigas na ibabaw at hindi porous o ng malaking may matigas na ibabaw o plastic na basket o paper bag, o salansanan ng coat/sumbrero para ilagay ng mga kliyente ang kanilang mga damit at iba pang gamit sa ibaba o sa loob. Disimpektahin ang upuan, plastic na basket at salansanan ng coat/sumbrero pagkatapos ng bawat paggamit. Kapag sinasabit ang mga gamit tiyaking hindi ito madidikit sa mga gamit ng

ibang kliyente.

- 2.8. Ang mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at mga nagbibigay ng serbisyo sa kuko ay dapat magsuot ng mga disposable na guwantes kapag kinakailangan para sa isang partikular na serbisyo (halimbawa: mga serbisyo ng paglalagay ng kemikal sa buhok), kapag naglilinis at nagdidisimpekta, kapag nag-aalis ng mga nagamit nang kumot at tuwalya, at kapag humahawak ng mga gamit na kontaminado ng mga likido ng katawan. Ang pagsusuot ng mga guwantes ay hindi pamalit para sa regular na paghuhugas ng mga kamay at pagsa-sanitize. Dapat gamitin ang mga guwantes nang isang beses sa parehong kliyente; ang mga ito ay dapat [ligtas na itapon](#) pagkatapos gamitin; at dapat na hugasan nang mabuti ng nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at mga nagbibigay ng serbisyo sa kuko ang kanilang mga kamay pagkatapos alisin at itapon ang mga guwantes. Dagdag pa rito, ang nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at nagbibigay ng serbisyo sa kuko ay dapat hugasan ang kanilang mga kamay sa bawat kliyente at bago magsuot ng bagong pares ng guwantes.
- 2.9. Ang serbisyo sa buhok, barbero at serbisyo sa kuko ay dapat isagawa nang hindi bababa sa anim na talampakan mula sa ibang nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at nagbibigay ng serbisyo sa kuko at mga kliyente.
- 2.10. Itigil ang paggamit ng ibinabahaging gamit para sa pagkain at inumin sa mga breakroom (kasama ang mga ibinabahaging brewer ng kape).
- 2.11. Bumuo ng plano at magpatupad ng mga kinakailangan para sa paglilinis at sanitasyon, kasama ang:
 - 2.11.1. Sabihin sa mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at nagbibigay ng serbisyo sa kuko na sila ang responsable para panatilihin malinis at na-sanitize ang kanilang mga lugar ng trabaho. Ang bawat nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at nagbibigay ng serbisyo sa kuko ay dapat linisin at i-sanitize mabuti ang kanilang lugar ng trabaho sa bawat kliyente at sa bawat pagpapalit ng mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero.
 - 2.11.2. Tiyaking may access ang mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at nagbibigay ng serbisyo sa kuko sa mga supply sa paglilinis para malinis nila nang mag-isa ang mga ibabaw kung kinakailangan kapag walang available na maglilinis.
 - 2.11.3. Palaging linisin at disimpektahin ang mga ibabaw na madalas hawakan sa mga lugar na madalas gamitin sa buong araw at dili kaya'y alinsunod sa [Plano ng Proteksyon na Partikular sa Site para sa COVID-19](#). Linisin at disimpektahin ang lahat ng ibabaw at kagamitang madalas hakawan tuald ng mga hawakan ng pinto, railing, gripo, banyo, mga button ng elevator, sabitan ng coat, hanger, furniture, computer, telepono at iba pang mga gamit na hinahawakan ng mga tao sa buong araw.

- 2.11.4. Lagyan ang reception area at lahat ng workstation ng tamang mga produkto para sa sanitasyon, tulad ng mga disposable na paper towel, pandisimpekta, hand sanitizer at mga pang-sanitize na wipe.
- 2.11.5. Disimpektahin ang mga station counter, rolling cart, drawer, hand mirror, tool at iba pang mga ibabaw sa bawat paggamit para sa bawat kliyente.
- 2.11.6. Kung saan maaari, huwag linisin ang mga sahig sa pamamagitan ng pagwawalis o iba pang mga paraan na maaaring magkalat ng mga pathogen sa hangin. Gumamit ng vacuum na may HEPA filter kung saan maaari.
- 2.11.7. Sumunod sa anumang dati na o mga hinihiling ng regulasyon na may kaugnayan sa kalusugan na partikular sa COVID-19, tulad ng hinihiling ng Cal/OSHA, California Board of Barbering and Cosmetology, at Alituntunin ng California sa Kalusugan at Kaligtasan na may kaugnayan sa mga serbisyo sa buhok at barbero.
- 2.11.8. Sabihan ang lahat ng nagbibigay ng serbisyo sa buhok, barbero at nagbibigay ng serbisyo sa kuko na hugasan ang kanilang mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig nang kahit 20 segundo o gumamit ng hand sanitizer (na ibibigay ng mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero) kasama ang bago at pagkatapos hawakan ang mga lugar na madalas hawakan tulad ng mga cash register o mga tool, kagamitan o materyal na ibinabahagi, kapag pinalitan o in-adjust nila ang kanilang panakip sa mukha o kapag may pagkakataong magkaroon ng kontaminasyon.
- 2.11.9. Disimpektahin ang mga station counter, rolling cart, drawer, hand mirror, tool na ginamit sa mga kliyente, mga cabby para sa mainit na tuwalya at iba pang mga ibabaw sa bawat paggamit para sa bawat kliyente.
- 2.11.10. Ang lahat ng item na pang-isang beses na gamit tulad ng mga disposable na wax collar, mga cotton ball/swab, strip sa leeg at mga applicator, ay dapat gamitin nang isang beses at itapon kaagad sa isang lalagyan na may takip na mahigpit.
- 2.11.11. Ang lahat ng appliance sa mga workstation at mga treatment area ay dapat disimpektahing mabuti sa bawat kliyente, gaya ng mga sumusunod:
 - 2.11.11.1. Linisin at disimpektahin ang lahat ng iba pang hindi porous at hindi de-kuryenteng mga gamit sa pamamagitan ng pag-alis ng lahat ng

nakikitang dumi, paglilinis gamit ang sabon at tubig, pagpapatuyo ng mga gamit, at pagkatapos ay ibabad lahat ng mga ito sa isang disinfectant na nakarehistro sa EPA. Linisin at disimpektahin ang mga shear ng buhok, suklay at mga brush sa pamamagitan ng pag-alis ng lahat ng nakikitang dumi, linisin ng sabon at tubig, at punasan o i-spray ng [disinfectant na nakarehistro sa EPA](#) na nagpapakita ng aktibidad ng bakterya, fungi at virus at inaprubahan para sa coronavirus. Ang mga gamit ay dapat i-spray o ibabad at iwanan para mababad nang buong oras na hinihiling ng manufacturer ng disinfectant.

2.11.11.2. Linisin at disimpektahin ang lahat ng de-kuryenteng gamit, tulad ng mga clipper ng buhok, LED lamp at mga esthetic na device sa pamamagitan ng pag-alis ng lahat ng nakikitang dumi at disimpektahin ng spray o wipe na [disinfectant na nakarehistro sa EPA](#) na nagpapakita ng aktibidad ng bakterya, fungi at virus at inaprubahan para sa coronavirus. Sundan ng disinfectant spray o wipe na nakarehistro sa EPA para sa kumpletong oras ng kontak gaya ng sinasabi sa mga instruksiyon ng manufacturer. Mag-ingat kapag gumagamit ng spray at tiyaking hindi nakasaksak sa kuryente ang iyong device at huwag i-spray sa motor. Gumamit ng mga takip na maaaring punasan para sa electronics. Kung walang available na patnubay ng manufacturer, gumamit ng mga wipe na may alkohol o mga spray na may kahit 60% alkohol para disimpektahin ang mga touch screen. Patuyuin mabuti ang mga surface para iwasang maglawang ng mga likido.

2.11.12. Linisin at disimpektahin ang lahat ng hawakan, hose, spray nozzle at iba pang gamit sa bawat kliyente. Ang mga upuan, headrest, shampoo bowl at iba pang gamit ay dapat linising mabuti at i-sanitize sa bawat paggamit. Maglagay ng takip na papel o paper sheet na dapat itapon pagkatapos ng bawat paggamit.

2.11.13. Ang lahat ng maruming kumot, kasama ang mga tuwalya, sheet, blanket, smock at reusable na kapa ay dapat ilagay sa isang saradong lalagyan at hindi na muling gagamitin hangga't hindi ito nalalabhan nang maayos ng alinman sa komersyal na serbisyo ng paglalaba o proseso ng paglalaba na may kasamang pagbabad sa tubig ng na nasa [hindi bababa sa 160 degrees Fahrenheit sa loob ng hindi bababa sa 25 minuto](#). Itago ang lahat ng malinis na kumot sa isang malinis at may takip na lugar. Tiyaking may suot na mga guwantes at panakip sa mukha ang nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero na humahawak ng maruruming kumot o labahan.

2.12. Gumawa ng anumang mga kinakailangang pagpapahusay sa bentilasyon ng establisyimento, kasama ang:

- 2.12.1. Pagtiyak na sineserbisuhan ang sistema ng HVAC at mga air exchanger at gumagana nang maayos. Tiyaking nakakakuha ang lahat ng filter ng hangin ng lahat mahusay na performance at napapalitan nang nasa oras nang ayon sa mga inirerekomenda ng manufacturer.
- 2.12.2. Dapat dagdagan ng establisyimento ng serbisyo sa buhok, barbero at serbisyo sa kuko ang porsiyento ng hangin mula sa labas sa pamamagitan ng sistema ng HVAC, i-disable ang mga demand-control na mga kontrol ng bentilasyon na nakakabawas ng supply ng hangin batay sa temperatura o umookupa, at dagdagan ang natural na bentilasyon sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana at pinto kapag pinahihintulutan ng mga kondisyon sa kapaligiran at mga kinakailangan ng gusali.
- 2.12.3. Gumamit ng portable na high-efficiency particulate air (HEPA) na mga panlinis, i-upgrade ang mga filter ng hangin ng gusali sa pinakamataas na efficiency na maaari, patakbuin ang sistema ng bentilasyon ng gusali kahit na walang umookupa para dagdagan ang bentilasyon, at gumawa ng iba pang mga pagbabago para dagdagan ang dami ng malinis na hangin mula sa labas at sirkulasyon ng hangin sa lahat ng lugar para magtrabaho.
3. Seksyon 3 - Mga Karagdagang Kinakailangan para sa Mga Establisyimento na Nagbibigay ng Mga Serbisyo sa Buhok at ng Barbero:
- 3.1. Gumawa ng anumang mga kinakailangang pagsasaayos sa layout ng establisyimento para magbigay-daan para sa wastong pisikal na pagdistansiya. Halimbawa, ang mga upuan at workstation ay dapat ayusin para matiyak na may kahit anim na talampakang puwang sa pagitan ng mga kliyente. Ang mga establisyimento ay dapat maglagay ng mga karagdagang divider shield o iba pang hindi mapapasukan na harang kung saan naaangkop.
- 3.2. Ang buhok ng kliyente ay dapat ligtas na itapon sa basurahan.
- 3.3. Magpatupad ng mga hakbang na pangkaligtasan para sa mga kliyente, kasama ang:
- 3.3.1. Ang mga kliyente ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha na naikakabit gamit ang mga ear-loop upang maiwasang makasagabal sa mga serbisyo.
- 3.3.2. Magbigay ng malinis na smock o kapa para sa bawat kliyente.
- 3.3.3. Kung naaangkop para sa serbisyo, hilingin sa mga kliyenteng pumunta sa kanilang mga appointment nang bagong linis ang buhok para mabawasan ang oras ng appointment.

- 3.3.4. Pansamantalang alisin ang mga serbisyong nangangailangan ng mahabang oras ng pagpapatuyo.
- 3.3.5. Ang mga nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero ay hindi dapat tumingin ng maraming kliyente sa isang pagkakataon (halimbawa: ang isang kliyente ay nagpapatuyo, habang ginugupitan ang isa pa). Ang mga serbisyo para sa isang kliyente ay dapat matapos bago makita ang bagong kliyente ng parehong nagbibigay ng serbisyo sa buhok at barbero.
4. Seksyon 4 - Mga Karagdagang Kinakailangan na Partikular sa Mga Nail Salon:
- 4.1. Limitahan ang mga appointment sa 45-60 minuto bawa't kliyente na may mga limitadong karagdagang serbisyo. Ang nabawasang oras/pagkaka-expose ay maaaring bawasan ang pagpapasa ng sakit.
- 4.2. Ipinagbabawal ang mga masahe sa kamay, paa, binti, leeg at balikat.
- 4.3. Ang mga disposable na guwantes ay dapat isuot sa buong serbisyo at habang naglilinis at nagdidisimpekta ng lahat ng kagamitan at ibabaw pagkatapos ng bawa't kliyente. Kapag natapos na ang paglilinis, [alisin](#) at itapon ang mga guwantes at maglagay ng tamang hand sanitizer o hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig.
- 4.4. Mahigpit na hindi hinihikayat ang foot bath at pagbababad ng paa dahil pinahahaba nito ang oras ng kliyente sa pasilidad. Ang nabawasang oras/pagkaka-expose ay maaaring bawasan ang pagpapasa ng sakit.
- 4.4.1. I-flush at disimpektahin ang foot-spa bago ang unang paggamit.
- 4.4.2. Ang mga foot-spa, palanggana at mga pedicure bowl ay dapat linisin at disimpektahin nang tama pagkatapos ng bawa't kliyente kahit na gumamit ng disposable na plastik na liner.
- 4.4.2.1. Hugasan at disimpektahin ang mga bato na ginamit sa mga pedicure bowl.
- 4.4.2.2. Kung may mga jet ang iyong bowl, hayaang umandar ang mga jet nang buong 10 minuto nang may disinfectant o nang ayon sa mga instruksyon ng manufacturer.
- 4.5. Ang mga nail salon ay dapat gumamit ng mga disposable na supply kailanman posible. Ang anumang hindi disposable na supply ay dapat ganap na disimpektahin sa bawa't kliyente nang ayon sa mga hinihiling ng California Board of Barbering and Cosmetology.
- 4.6. Ang lahat ng pang-isang beses na gamit na mga item, tulad ng mga cardboard file, sand-band para sa mga drill at buffer, mga disposable na sandalyas, mga separator sa daliri ng paa at mga applicator, ay dapat gamitin nang isang beses at itapon kaagad sa isang may lining at takip na basurahan.

- 4.7. Para mabawasan ang dami ng mga hinahawakan, ipagbawal sa mga kliyente ang paghawak ng mga bote ng nail polish sa mga display na istante, o ganap na alisin ang nail polish sa display. Maaaring gumamit ng palette ng kulay kung nililinis at dinidisimpekta ito pagkatapos gamitin ng bawa't kliyente. Ang mga bote ng nail polish ay dapat linisin at disimpektahin bago ibalik sa display.
- 4.8. Magkabit ng mga plastik na dibisyon sa pagitan ng nagbibigay ng serbisyo para sa personal na pangangalaga at ng kliyente na may sapat na espasyong ginupit kung saan maaaring ipasok ang mga kamay o paa sa ilalim upang magsagawa ng manicure o pedicure.
- 4.9. Payagan lang gumawa ang manikurista sa bawa't station at huwag payagan ang mga kliyente ng tumanggap ng maraming serbisyo sa parehong pagkakataon, tulad ng manicure at pedicure.
- 4.10. Kung saan maaari, dapat i-upgrade ng mga nail salon ang dati nang bentilasyon upang magsama ng mga nail table na lokal na may pasingawan.
- 4.11. Buksan ang mga pinto at bintana upang pagandahin ang bentilasyon para sa mga saradong lugar.
- 4.12. Itigil ang dalawahang serbisyo na nangangailangan ng mahigit sa isang nagbibigay ng serbisyo para i-treat ang kliyente sa isang pagkakataon.